Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-71 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-04 NG DISYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 380-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NINA KAGAWAD NERIZA VIERNES, REYNALDO BAUSTISTA, JENNIFER NIERBES, APRIL BALAJADIA, ROGELIO PARAISO, JEFFREY CLAVIO AT SK CHAIRMAN MERYLL FLAVIANO, NG BARANGAY NIUGAN, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BLG. 02-2023.**

**AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** noong ika-31 ng Marso 2023, nagsumite sina Kagawad Neriza Viernes, Reynaldo Baustista, Jennifer Nierbes, April Balajadia, Rogelio Paraiso, Jeffrey Clavio, at SK Chairman Meryll Flaviano ng sinumpaang reklamo para sa *Oppression, Misconduct in Office, Gross Negligence, or Dereliction of Duty, and Abuse of Authority* laban kay Punong Barangay Virgilio Pingol at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala;

**SAPAGKAT,** nahahayag sa reklamong kanilang inihain:

**a. 2022 20% DEVELOPMENT FUND**

1. Rehabilitation of Road and Pathways at Looban Street - P250,000.00;
2. Installation of Street Lights at Looban Street - P104,732.60;
3. Construction of Drainage System at Main Road - P170,000.00.

Na kung saan ay wala isa man sa mga proyektong naisagawa at base sa laman ng Statement of Accounts ng Barangay Niugan noong Disyembre 29, 2022 ay naglalaman na lamang ito ng P24,592.59.

**b. 2022 PERSONAL SERVICES**

Na kung saan ang mga natalang Personal Services ay naka budyet sa taong 2022 at amin itong natanggap nito lamang buwan ng Pebrero at Marso 2023, […].

KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**c. PAYROLL**

Na kung saan ang total payroll para sa buwan ng Enero ay nagkakahalaga ng P51,760.00 ngunit kung ito ay inyong susumahin ito ay nagkakahalaga lamang ng P49,225.00 at para sa buwan naman ng Pebrero ang total payroll ay nagkakahalaga ng P51,760.00 ngunit kung ito ay inyong susumahin ito ay nagkakahalaga lamang ng P46,691.00.

**d. FALSIFICATION OF PUBLIC DOCUMENTS**

1. Pag-peke ng orihinal na Statement of Accounts/Snapshot na galing sa Landbank;
2. Hindi tugmang report ng mga lumalabas at pumapasok na pondo ng barangay at hindi pag-gawa ng pekeng Financial Statement Report January - July 2022;
3. Pag palsipika ng pirma ni Gng. Eleanor Dion para sa REIMBURSEMENT EXPENSE REPORT at wala umano siyang natanggap na P490.00 para sa "SHARE MERYENDA PNP" at "PSA STAFF FOR BRGY. NATIONAL ID" na may halagang P600.00;
4. Pag-peke ng pirma ng mga konsehal upang gamitin sa mga request.

**e. ILEGAL NA PAG-PAPAKABIT SA KUNTADOR NG BARANGAY**

Na kung saan ay naputulan ng kuntador napagmamay-ari ng Barangay at may balanseng P54,345.00.

**f. PAGKAKANSELA NG PANGKARANIWANG PAGPUPULONG**

Na base sa Executive Order Tuntunin tatlo - Mga pagpupulong (Rule III-Sessions).

"Bahagi 6. Pangkaraniwang Pulong - Ang pangkaraniwang pulong sa Sangguniang Barangay ay sa UNANG AT IKATLONG SABADO ng bawat buwan …."

Na kung saan ay kami ay may sapat na bilang at walang sapat na dahilan upang palagiang ikansela ang pag-pupulong [paminsan pa ay may mga pagkakataon na sila ay nagagalit dahil hindi naming siya sinusunod sa pagkansela ng sesyon sa nasabing dahilan. Tatlong beses na umano siyang hindi dumalo sa regular na pagpupulong ng Sangguniang Barangay]

**SAPAGKAT,** ang mga sumusunod ay ang mga ebidensiyang kanilang inalakip sa sinumpaang reklamo:

(a) Snapshot ng Statement of Account ng Brgy. Niugan na iniulat sa pangkaraniwan na pagpupulong at Statement of Account ng Brgy. Niugan mula sa Landbank;

(b) Reimbursement Expense Report kung saan makikita na ang halagang P600 at P490 ay tinanggap ni Eleanor Dion mula kay Brgy. Treasurer Ronaldo Capule;

(c) Affidavit ni Eleanor Dion na nakasaad na hindi siya tumanggap ng halagang P600 and P490 upang kabayaran bilang "Meryenda PNP" at "PSA STAFF FOR BRGY. NATIONAL ID";

(d) Liham kay Mayor Christian Natividad na humihingi ng pondo para sa pagpapagawa ng kanal at kalsada kung saan nakapirma si Punong Barangay Virgilio Pingol at mga Kagawad ng Barangay Niugan;

(e) Kopya ng Meralco bills kung saan nakasaad na ang Brgy. Niugan ay hindi nakapagbayad ng kuryente na nagkakahalaga ng P54,345;

(f) Minutes ng Agenda noong January 19, 2019, kung saan nakasaad na:
"x x x Napagkasunduan sa kapulungan na ipapatawag yung mga taong nakatira sa lupa ng Barangay para pag-usapan ang tungkol sa kuryente nila, bigyan sila ng sapat na oras para magpakabit ng sarili nilang kuntador at bigyan ng tatlong buwan para ayusin at pagka-reading sa ikatlong buwan, tatanggalin na yung mga kuryente nila at babayaran pa rin nila yung ikukunsumo nila sa loob ng tatlong buwan";

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI | KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. RIA MACLYN L. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SAGAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

(g) Internal Rules of Procedure ng Sangguniang Barangay of Niugan, kung saan nakasaad na:
"Bahagi 4. Ang Tagapamuno ng Pulong - x x x Kung ang Punong Barangay ay hindi makaganap sa isang pangkaraniwan o natatanging pulong, ang mga kagawad na dumalo ng korum ay mahahalal ng isa sa kanila upang mamuno sa pulong. xxx";

(h) Kopya ng mga minutes ng pangkaraniwan na pagpupulong na ginanap ng mga Kagawad lamang at hindi kabilang si Punong Barangay Virgilio Pingol;

(i) Financial Statement ng Brgy. Niugan simula Enero hanggang Hulyo 2022.

**SAPAGKAT,** nag-isyu ng patawag ang Sangguniang Panlungsod na may tagubilin na si Punong Barangay Virgilio Pingol ay magsumite ng sinumpaang kasagutan patungkol sa kasong isinampa laban sa kaniya;

**SAPAGKAT,** noong ika-03 ng Mayo 2023, nagsumite ng sinumpaang kasagutan si Punong Barangay Virgilio Pingol at kaniyang pinabulaanan ang mga paratang laban sa kaniya, gayundin, kaniyang isinalaysay:

"xxx Ang katotohanan ng mga pangyayari ay ang mga sumusunod:

**(a) 2022 20% DEVELOPMENT FUND**

xxx

4. Ang kanilang inirereklamo tungkol sa Rehabilitation of Road and Pathways sa Looban, Installation of Street Lights sa Looban at Construction of Drainage System sa Main Road na nakapaloob sa 2022 20% Development Fund ay walang katotohanan;
5. Sa katunayan, ang mga proyektong ito ay proposal lamang upang maisama at ma-approve sa budget ng taong 2022;
6. Ang mga proyektong ito ay nananatiling plano pa lamang dahil na din sa kakulangan ng pondo ng Barangay Niugan upang maisakatuparan ito;
7. Kung totoo man ngang may badyet o pondo na nakalaan o inilabas para sa mga proyektong ito, ay wala man lang patunay na inilakip ang mga nagrereklamo upang pagtibayin ito;

**(b) 2022 PERSONAL SEVICES**

8. Ang 2022 Personal Services ay isang maling akusasyon, batay na din sa mga nagerereklamo ang mga ito ay kanila din namang natanggap noong Pebrero at Marso ng 2023;

xxx

**(c) PAYROLL**

11. Ang kanilang reklamo kung saan may kakulangan sa nailabas na pondo sa payroll ng Enero at Pebrero 2023 ay walang katotohanan at pawang kasinungalingan lamang;
12. Ayon na din sa aming Barangay Treasurer na si RODOLFO CAPULE, ay buong pondo niyang nailabas ang mga allowance kasama na din dito ang para sa ibang volunteer ng Barangay;
13. Sa katunayan, ang inilakip na ebidensiya ng mga nagrereklamo tungkol sa inilabas na payroll ay mali at kulang;
14. Sa kanilang inilakip na kopya ay wala pang pirma doon ang Barangay Treasurer dahil na nga din na siya ang nangangasiwa sa paglabas ng pondo o allowance ng mga tauhan ng barangay at siya talaga ang huling makakatanggap ng kaniyang sweldo o allowance matapos niyang maipamahagi ito sa mga tauhan ng barangay;

KGG. RIM MACLYN L. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

15. Ang orihinal at tamang kopya ng payroll ay nakalakip dito kung saan makikita na nagtugma ang mga halagang nakalagay at walang anomaly sa paglabas ng pondo ng mga tauhan ng barangay sapagkat sakto ito at kasama na din ang mga pirma ng bawat kumukuha ng sweldo o allowance na mga tao sa barangay;

**(d) FALSIFICATION OF PUBLIC DOCUMENTS**

16. Walang katotohanan at basehan ang sinasabi ng mga nagrereklamo tungkol sa pamemeke ng orihinal na Statement of Accounts or Snapshots na galing sa Landbank;

xxx

18. Tungkol naman sa sinasabi nilang pag peke sa Financial Statement Report para sa January-July 2022 ay wala din itong katotohanan at sapat na basehan;
19. Ayon sa aming Barangay Treasurer ay wala silang batayan para sabihin na hindi tugma ang mga report dahil wala naman silang kopya ng mga ito. Wala din silang sapat na patunay na magsasabi na mayroon ngang pamemeke sa Financial Report;
20. Para naman sa sinasabi nilang pag palsipika ng pirma ni Gng. ELEANOR L. DION para sa Reimbursement Expense Report ay wala din itong katotohanan at pawing kasinungalingan lamang;

xxx

22. Na ang mga akusasyon na kanyang ibinabato laban sa akin ay pangdagdag lamang sa mga reklamo sa akin. At kung totoo man na mayroong nangyari sa pag palsipika ng kanyang pirma ay wala naman silang sapat na ebidensiya o patunay na magsasabi na ako ay may kinalaman dito;
23. Para naman sa sinasabi nilang pag peke ng pirma ng mga konsehal upang gamitin sa mga request, ang mga ito ay wala ding katotohanan at pawing mga alegasyon lamang;
24. Ang request letter na kanilang tinutukoy ay iniwan ko sa aking bookkeeper na si ROBERTO PINGOL at sa aking sekretarya noon na si ELEANOR L. DION matapos kong mapirmahan upang mapa pirmahan naman sa mga kagawad;
25. Na ibingay na lamang sa akin ang kopya na iyon na pirmado na ng kagawad. Wala akong kinalaman sa sinasabi nilang pamemeke ng pirma sa request letter at walang silang patunay, kung totoo man, na ako ang gumawa noon.
26. Sa katunayan ang lahat ng mga nirerequest ng barangay ay maayos na nakatala at napapakinabangan ng aking mga kabarangay. Ang mga alegasyong ito ay ginagawa lamang ng mga nagrereklamo upang madiin ako sa isang bagay na di ko naman ginawa at upang ako ay kanilang pagkaisahan;

**(e) ILLEGAL NA PAG-PAPAKABIT SA KUNTADOR NG BARANGAY**

27. Mali na sabihin at isisi sa akin na ako ang pumayag ng illegal na pagpapa-kabit at paggamit sa kuntador ng Barangay Niugan;
28. Sa katunayan, simula pa lamang noong taong 2005, bago pa man ako mahalal na kapitan ng Baranga Niugan, ay nakikigamit na ang mga taong ito sa kuntador ng Barangay at sila ay nakatira sa lupa ng Barangay;
29. Ayon na din sa isinumiteng report ng mga nagrereklamo ay alam nila ang sitwasyon ng mga ito kaya nga napagkasunduan namin na bigyan sila ng tatlong buwan upang mag pa kabit ng sarili nilang kuntador;
30. Kaya lamang nagkaroon ng pandemya noong mga panahong iyon kaya hindi nila nagawa ito at hindi nila nabayaran ang balanse nila sa Meralco hanggang sa lumobo nga ito sa halagang Php 54,345.00.

KGG. KRI[illegible] MACLYN [illegible] DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. [illegible]NUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. RICARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. [illegible]
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

31. Kaya naman, hindi tama na sa akin isisi ang hindi nabayaran na balanse sa Meralco. Ang problemang ito ay alam ng mga namumuno sa Barangay at ginawa ko lamang ang aking tungkulin na tulungan ang aking mga kabarangay at upang mabigyang solusyon ito;

**PAGKAKANSELA NG PANGKARANIWANG PAGPUPULONG**

32. Tungkol naman sa pagkakansela sa pangkaraniwang pagpupulong sa sangguniang barangay, ang hindi ko nagawang pagdalo sa mga ito ay dahil din sa may importante akong lakad ng mga panahon na ito at sa pag-atake ng din ng aking sakit na rayuma;
33. Na ang katunayan niyan, ako ay nagpatawag ng emergency meeting sa ika biyernes bago ang regular na pagpupulong ng sabado dahil nga sa ako ay may importanteng lakad sa sabado kung saan ang lahat ng mga kagawad ay nasabi na sila ay pupunta;
34. Ngunit noong araw ng pagpupulong ay hindi naman sila sumipot at itinuloy ang kanilang pagpupulong noong sabado kahit ako ay nagpasabi na sa kanila na hindi ako makakasipot;
xxx"

**SAPAGKAT,** noong ika-25 ng Hulyo 2023, nagsagawa ng paunang pagdinig (Public Hearing) ang Lupon at nahayag ang mga sumusunod:

(a) Para sa reklamo na ang mga proyektong nakapaloob sa 2022 20% Development Fund ay hindi naisagawa, ayon kay SK Chairman Meryll Flaviano, noong ika-29 ng Disyembre 2022, diumano ay nagkaroon ng disbursement para sa 20% Development Fund batay sa nakita nilang statement of account ng Barangay Niugan. Dagdag pa niya, lahat ng mga nakapaloob na proyekto dito ay ni isa ay walang naipagawa.

(b) Ayon naman kay Ingat-Yaman Ronaldo Capule, ang pondo para sa Rehabilitation of Road and Pathways sa Looban St. ay napunta sa Service Recognition Leave. Ang pondo naman na para sa Installation of Street Lights sa Looban St. ay napunta sa seminar. Idinagdag pa niya, ang pondo na para sa Construction of Drainage System at Main Road ay napunta sa gift giving.

(c) Kung kaya, magalang na hiniling ni Konsehal Abgdo. Nino Carlo Bautista ang kopya ng realignment at katunayan kung saang proyekto napunta ang mga nasabing pondo.

(d) Para sa isyu ng personal services, ayon sa magkabilang panig ang halaga para sa personal services ay naibigay na sa mga halal na opisyal ng Brgy. Niugan. Kung kaya't, magalang na hiniling ng Lupon na isantabi na ang nasabing isyu.

(e) Para sa isyu ng payroll, magalang na hiniling ni Tagapangulo Miguel Alberto Bautista ang sipi ng voucher para sa halaga ng payroll na nailabas para sa buwan ng Enero 2023.

(f) Para isyu ng pag-peke sa orihinal na Statement of Account ng Brgy. Niugan, inamin ni Brgy. Treasurer Ronaldo Capule na ang *snap shot* ng statement of account ng Barangay ay kaniyang ginawa bilang report sa pangkaraniwan na pagpupulong. Kung kaya, magalang na hiniling ni Konsehal Atty. Nino Carlo Bautista kay Brgy. Treasurer Ronaldo Capule na isumite ang record ng Brgy. Niugan.

(g) Para sa pag palsipika ng pirma ni Eleanor Dion sa reimbursement report, nagkasundo ang magkabilang partido na ang isyu ay ipawalang-saysay na sapagkat hindi nakadalo sa pagdinig si Eleanor Dion.

(h) Para sa iligal na pagpapakabit ng kuntador ng Barangay, napagkasunduan ng magkabilang partido na ang may pagkakamali ay ang mga pamilya na nagkabit ng kuryente sa kuntador ng Barangay.

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. RIA MACLYN L. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS S. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. RICARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

(i) Para sa pagkakansela ng Pangkaraniwang Pagpupulong, napagkasunduan ng bumubuo ng Lupon na ipawalang-saysay na ang isyu na ito sapagkat ang nasabing pagpupulong ay natuloy sa kabila nang hindi pagdalo ni Punong Barangay Virgilio Pingol.

**SAPAGKAT**, batay sa rekord ng Lupon, makikita ang mga sumusunod na obserbasyon:

(a) Ayon sa Korte Suprema sa kasong Office of the Ombudsman vs. Cynthia Caberoy, G.R. No. 188066, October 22, 2014:
"Oppression is also known as grave abuse of authority, which is a misdemeanor committed by a public officer, who under color of his office, wrongfully inflict upon any person any bodily harm, imprisonment or other injury. It is an act of cruelty, severity, or excessive use of authority. **To be held administratively liable for Oppression or Grave Abuse of Authority, there must be substantial evidence presented proving the complainant's allegations.** Substantial evidence is that amount of relevant evidence which a reasonable mind might accept as adequate to support a conclusion." (Binigyang-diin)

(b) Para sa reklamong hindi pagsasagawa ng mga proyektong nakapaloob sa 2022 20% Development Fund, batay sa rekord ng Sangguniang Panlungsod, ang (1) rehabilitation of road and pathways at Looban st. - P250,000.00, (2) installation of street lights at Looban St. - P104,732.60, at (3) construction of drainage system at main road - P170,000 ay kabilang sa 2022 20% Development Fund ng Brgy. Niugan.
Ngunit, ang mga nagrereklamo ay hindi nakapagsumite ng ebidensiya na ang halagang P524,732.60 para sa mga nasabing proyekto ay nailabas mula sa pondo ng Barangay at hindi ginamit para sa mga proyektong kung saan ito ay nakalaan;

(c) Patungkol sa isyu ng payroll para buwan ng Enero at Pebrero 2023, ang mga nagrereklamo ay hindi nakapagsumite ng patunay na ang nailabas na halaga mula sa pondo ng Barangay Niugan ay P51,760.00 taliwas sa P49,225 na tamang halaga;

(d) Para sa isyu ng palsipikasyon ng Reimbursement Report at Liham kay Mayor Abgdo. Christian Natividad, batay sa Reimbursement Report na isinumite ng mga nagrereklamo, makikita na ang halagang P600 at P490 ay tinanggap ni Eleanor Dion mula kay Ingat-Yaman Ronaldo Capule at hindi mula kay Punong Barangay Virgilio Pingol. Gayundin, hindi nakapagbigay ng patunay ang mga nagrereklamo na si Punong Barangay Virgilio Pingol ang nagpalsipika ng pirma ng mga kagawad ng Barangay Niugan sa liham kay Mayor Abgdo. Christian Natividad;

(e) Para sa iligal na pagpapakabit sa kuntador ng kuryente ng Brgy. Niugan, hindi nakapagsumite ng patunay ang mga nagrereklamo na si Punong Barangay Virgilio Pingol ang iligal na nagpakabit sa kuntador ng kuryente. At sa katunayan, batay na rin sa mga inilakip na ebidensiya ng mga nagrereklamo, ang iligal na pagkakabit sa kuntador ng kuryente ay alam ng lahat ng opisyal ng Baranggay at ito ay napag-usapan na sa kanilang pangkaraniwang pagpupulong noong ika-19 ng Enero 2019;

(f) Para sa pagkakansela ng pangkaraniwang Pagpupulong, batay sa Internal Rules of Procedure ng Sangguniang Barangay ng Niugan, "xxx Kung ang Punong Barangay ay hindi makaganap sa isang pangkaraniwan o natatanging pulong, ang mga kagawad na dumalo ng korum ay maghahalal ng isa sa kanilang upang mamuno sa pulong xxx." Batay sa kopya ng

KGG. AIJAN MACLYN L. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

minutes ng mga ginanap na pangkaraniwang pagpupulong ng Brgy. Niugan noong ika-04 at 18 ng Pebrero at ika-04 ng Marso 2023 na inilakip din bilang ebidensiya ng mga nagrereklamo, naganap ang mga nasabing pangkaraniwang pagpupulong sa kabila ng hindi pagdalo ni Punong Barangay Virgilio Pingol at hindi nakapagsumite ang mga nagrereklamo ng patunay na sila ay pinigilan ni Punong Barangay Virgilio Pingol upang ganapin ang nasabing pagpupulong; at

(g) Para sa pagpalsipika ng statement of account ng Barangay Niugan, inamin ni Ingat-Yaman Ronaldo Capule sa pagdinig na siya ang gumawa ng "snapshot" ng statement of account upang gamitin bilang report sa pangkaraniwang pagpupulong. Hindi nakapagsumite ng patunay ang mga nagrereklamo na kabilang si Punong Barangay sa gumawa nito.

(h) Ayon sa Korte Suprema sa kasong Albert Dela Pena vs. Iluminado Huelma, A.M. No. P-06-2218, August 15, 2006:
"Settled is the rule that in administrative proceedings, the burden of proof that the respondent committed the act complained of rests on the complainant. The complainant must be able to show this by substantial evidence, or such relevant evidence as a reasonable mind might accept as adequate to support a conclusion. Otherwise, the complaint must be dismissed."

(i) Malinaw na hindi nakapagbigay ang mga nagrereklamo ng sapat na ebidensiya na mag-uugnay kay Punong Barangay Virgilio Pingol sa katiwalian ng pondo ng Barangay Niugan, palsipikasyon ng mga pirma, pagpigil sa pagsasagawa ng pangkaraniwang pagpupulong, at pagpayag sa iligil na pagkakabit ng kuntador ng kuryente ng Barangay.

(j) Para sa alegasyong misconduct, ayon din sa Korte Suprema sa kasong Cecilia Q. Rejas vs. Office of the Ombudsman, G.R. Nos. 241576 & 241623, November 03, 2020:
"Misconduct has been defined as an intentional wrongdoing or a deliberate violation of a rule of law or standard of behavior. It is considered grave where the elements of corruption are present including a clear intent to violate the law, or a flagrant disregard of established rules. To constitute misconduct, however, it is likewise imperative that the act or omission complained of must have a direct relation to the public officer's duties and affect not only his character as a private individual, but also, and more importantly, the performance of his official duties as a public servant."

(k) Gayundin, ayon sa Korte Suprema sa kasong Ricardo O. Trinidad, Jr. vs. Office of the Ombudsman, G.R. No. 227440, December 02, 2020:
"Gross negligence, thus, involves an element of intent, more than mere carelessness or indifference to do one's duty. To be held liable for gross negligence, a public official must have intentionally shirked his duty, fully aware that he is duty-bound to perform. Simply, gross negligence involves consciously avoiding to do one's work. Dereliction of duty may be classified as gross or simple neglect of duty or negligence. Simple negligence is defined as the failure of an employee to give proper attention to a required task expected of him, or to discharge a duty due to carelessness or indifference. On the other hand, gross negligence is characterized by want of even the slightest care, or by acting or omitting to act in a situation where there is a duty to act, not inadvertently but willfully and intentionally, with a conscious indifference to the consequences, or by flagrant and palpable breach of duty. It denotes a flagrant and culpable refusal or unwillingness of a person to perform a duty."

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. RIA MACLYN L. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL H. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

(1) Malinaw sa rekord ng Lupon na ang mga nagrereklamo ay hindi nakapagbigay ng sapat na ebidensiya na magpapatunay na si Punong Barangay Virgilio Pingol ay mga intensyon na labagin o hindi sundin ang nilalaman ng batas o hindi gawin ang mga tungkuling itinakda ng batas.

Sa pamamagitan ng nagkakaisang mungkahi ng bumubuo ng Sanggunian, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-sayasay ang reklamo nina Kagawad Neriza Viernes, Reynaldo Baustista, Jennifer Nierbes, April Balajadia, Rogelio Paraiso, Jeffrey Clavio at SK Chairman Meryll Flaviano ng Barangay Niugan, Lungsod ng Malolos sa kadahilanang ito ay walang batayan sa batas, kaugnay sa Kasong Administratibo Blg. 02-2023.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12052023